



Citizens Redistricting Commission ng California Pagpupulong sa Buong Estado para sa mga Mungkahi sa **Communities of Interest (COI)**

HUWEBES, SETYEMBRE 9, 3:00 PM – 7:00 PM o hanggang sa pagsasara ng negosyo

Magparehistro rito: https://www.wedrawthelinesca.org/september_9_coi_input_meeting

Panoorin nang live: <http://videosscc.com/CRC/>

Tumawag sa numero para sa pampublikong mungkahi. (877)853-5247, Passcode ng kalahok: 850 2894 4968

BIYERNES, SETYEMBRE 10, 3:00 PM – 7:00 PM o hanggang sa pagsasara ng negosyo

Magparehistro rito: https://www.wedrawthelinesca.org/september_10_coi_input_meeting

Panoorin nang live: <http://videosscc.com/CRC/>

Tumawag sa numero para sa pampublikong mungkahi. (877)853-5247, Passcode ng kalahok: 884 8761 9376

Mahalaga ang iyong mungkahi sa tagumpay ng Citizens Redistricting Commission (Komisyon ng Mga Mamamayan sa Pagsasaayos ng Distrito). Kailangan namin ang iyong impormasyon sa Communities of Interest (Mga Komunidad na Pinagtutuunan ng Pansin) para respetuhin ang mga hangganan ng iyong mga komunidad sa proseso ng pagsasaayos ng distrito. Ang pagpupulong na ito ay pangunahing para sa patotoo ng Mga Komunidad na Pinagtutuunan ng Pansin at isasama rito ang isang sesyon para sa komento ng pangkalahatang publiko sa katapusan ng pagpupulong. **Magkakaroon ka ng kabuuang 3 minuto para ibigay ang iyong mungkahi sa COI.**

AWTOMATIKONG MAGBIBIGAY NG INTERPRETASYON SA ESPANYOL PARA SA PAGPUPULONG NA ITO.

Sa panahon ng pagpupulong na ito, hihilingin sa iyo na ilarawan ang iyong komunidad. Bagama't walang malinaw na panuntunan sa kung paano tukuyin ang isang komunidad na pinagtutuunan ng pansin, tumukoy kami ng mga paraan para mailarawan mo ang iyong komunidad.



**ESPANYOL NA AUDIO NA PARA
LAMANG SA PAKIKINIG**
Telepono: (888)566-1377
Passcode: 3891010

- Magsimula sa inyong county/lungsod.
- Banggitin ang mga pangalan ng lansangan at mahahalagang lokasyon sa inyong kapitbahayan para matulungan kaming tukuyin ang mga hangganan ng iyong komunidad.
- Ano ang inyong mga magkakatulad na interes?
- Ano ang nagbubuklod sa inyo?
- Ano ang mahalaga sa inyong komunidad?
- Mayroon bang malalapit na lugar na gusto ninyong kasama sa isang distrito?
- Mayroon bang malalapit na lugar na ayaw ninyong kasama sa isang distrito? Bakit, o bakit hindi?
- Nagkaisa ba ang inyong komunidad para magtaguyod ng mahahalagang isyu, mas mahuhusay na paaralan, kalsada, o sentro ng kalusugan sa inyong kapitbahayan?
- Ginagamit ba ng inyong komunidad ang mga parehong serbisyo?

Nauunawaan naming mahalaga ang iyong oras at maaaring kailangang gumugol ng mahabang panahon para sa prosesong ito.
Kaya...

Makatipid sa oras, huwag nang pumila! Isumite ang iyong mungkahi sa COI ngayon, online!

<https://DrawMyCACommunity.org/>

Kung mayroon kang mga katanungan, pakitawagan ang aming pangunahing linya sa (916)323-0323.